

# MGA SALIK NA NAKAAPEKTO SA AKADEMIKONG PAGGANAP NG MGA MAG-AARAL SA BLENDED LEARNING

<sup>1</sup>Al Therenz Anlou P. Dela Cruz, <sup>2</sup>Marjorie G. Elumbaring, <sup>3</sup>Jomark F. Pacatang, <sup>4</sup>Joenard Tuastomban, <sup>5</sup>Genelyn R. Baluyos  
*College of Education, Misamis University, Ozamiz City, Bilang Bahagi ng Pagsasakatuparan ng mga kinakailangan sa FILI 9ED*

## ABSTRACT

Ang blended learning ay isang bagong paraan ng pagtuturo at pagkatuto. Ang pag-aaral na ito ay naglayong matukoy ang mga salik na nakaaapekto sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa blended learning sa taong panuroan 2022-2023. Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay ang 164 na mag-aaral na napili sa pamamagitan ng stratified random sampling. Gumamit ang mga mananaliksik ng sarbey na talatanungan sa pangangalap ng mga kinakailangang datos at hiningi rin ng mananaliksik ang general weighted average. Ang mananaliksik ay nagsagawa ng face-to-face na sarbey kwestyoner. Ito ay isang tseklis type na talatanungan. Nalaman na ang blended learning ay nagkaroon ng mga salik na nakaaapekto sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Mahalaga ang pag-aaral na ito upang mas lalong mapagtuunan ng pansin ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pakikipagkomunikasyon sa paaralan o kung saan man at kung paano ito nakakaimpluwensiya sa kanilang akademikong pagganap. Inirerekomenda na dapat isaalang-alang ang mga aspeto ng online at face-to-face na pagtuturo upang maging balanse ang karanasan ng mga mag-aaral.

**MGA SUSING SALITA:** akademikong pagganap, blended learning, gawi ng mag-aaral, mga kasanayan ng guro, pag-acces sa internet, suporta ng magulang.

## 1. PANIMULA

Sa Pilipinas, ang sektor ng edukasyon ay napasara dahil sa epekto ng Covid-19, at upang mabawasan ang bilang ng mga kaso sa bansa, ipinatupad ang kombinasyon ng tradisyonal at online na pag-aaral o ang tinatawag na blended learning. Ang blended learning ay isang bagong paraan ng pagtuturo at pagkatuto. Ito ay isang kumbinasyon ng pag-aaral sa silid-aralan kasama ang online learning platform (Zeqiri et al., 2020). Sa pamamagitan nito ay magagawang mabawasan ang pisikal na pagdalo sa pamamagitan ng paggamit ng video conference upang ayusin ang mas maliliit na grupo na nagbibigaydaan sa tamang social distancing. Ang blended learning ay nagbibigay fleksibilidad ng mga mag-aaral na mag-aral sa mga tuntunin ng oras at lugar (Darlis et al., 2021). Ito rin ang mabisang kumbinasyon ng iba't ibang paraan ng paghahatid, mga modelo ng pagtuturo at mga istilo ng pagkatuto (Rao, 2019).

Maraming mag-aaral ang nahihirapan sa ganitong istilo ng pagkatuto katulad lamang ng problema sa teknikal na koneksyon sa internet (Zumor, 2013). Ang mga mag-aaral ay hindi na natuto sa parehong paraan tulad ng dati dahil sa pag implementa ng blended learning (Young, 2022). Gayunpaman, ipinapakita dito na ang blended learning ay hindi lamang nagpabuti ng pagtuturo at may kakayahang umangkop kundi pati na rin sa pakikilahok ng mga mag-aaral (Maarop, 2016). Ang mga mauunlad na bansa ay pabor sa pag-aaral ng blended learning. Sinasaad sa pag-aaral sa bansang Thailand na kapaki-pakinabang ang blended learning at natuklasan na may positibong epekto sa pagsusulit ng mga mag-aaral (Thomas, 2018).

Mula sa Iran, ang blended learning ay nagpapabuti sa pagiging epektibo ng pag-aaral, nagpapataas ng access sa mga programa, materyales, nagbibigay ng higit kaginhawaan, kakayahang umangkop at epektibo sa virtual na unibersidad (Najafi et al., 2019). Sa bansang Europe, natuklasan na ang dalawang institusyong mas mataas na edukasyon ay nagkaroon ng positibong pagsusuri sa paggamit ng blended learning (Zeqiri et al., 2020).

Ang mga mag-aaral sa kasalukuyan ay humaharap ng iba't ibang mga hadlang tulad ng mahinang koneksyon at kakulangan sa tamang pamamahala ng oras. Isang pag-aaral sa Cebu City natuklasan na may mga mag-aaral na nahihirapang matuto dahil sa mabagal na koneksyon sa internet, mga hadlang sa badyet at walang sapat na access sa mga teknolohikal na device (Ando et al., 2022). Gayunpaman, sa bayan ng Sorsogon, ang kawalan ng kaalaman sa pagsagot sa mga modyul, mabagal na koneksyon sa internet, kakulangan ng oras ng modulasyon at pananalapi para sa transportasyon at iba pang gastusin sa edukasyon ay may epekto sa pag-aaral ng mga kalahok sa *blended learning* (Eстера, 2022).

Sa isang institusyon sa lalawigan ng Misamis Occidental, sa Junior High School, naobserbahan ng mga mananaliksik na ang mga mag-aaral ay nahihirapan pagdating sa blended learning. Ninanais ng mga mananaliksik na malaman ang mga salik na nakaapekto sa akademikong pagganap ng blended learning sa mga mag-aaral. Isinasagawa ang pag-aaral na ito upang matukoy ang posibleng dahilan kung bakit nahihirapan ang mga mag-aaral sa *blended learning*.

### **Teoritikal na Balangkas**

Ang sumusunod ay mga teorya na pangunahing pinagbabatayan ng pag-aaral na ito: Bloom's Cognitive Taxonomy ni Anderson & Krathwohl's (2001) at Constructivist Theory ni Jerome Bruner (1956).

Ang Bloom's taxonomy ni Anderson & Krathwohl's (2001) ay nag-uuri ayon sa antas ng pagiging kumplikado ng pagsusulit batay sa natutunan sa loob ng klase. Ang Bloom's taxonomy ay sistemang pag-uuri na binibigyang-diin ang proseso mula sa pagalala ng mga natutunan hanggang sa pinakakumplekadong antas ng pagkatuto o kaalaman tulad ng pagsusuri ng kaalaman (Ulum, 2016). Ang kahalagahan ng edukasyon ay ang puspusing makapagturo sa mga mag-aaral nang may matalinong pag-iisip, dagdag pa ang maayos na pag-uugali (Taylor, 2016).

Ang Bloom's Taxonomy, na likha ni Benjamin Bloom noong 1956 at inamyendahan pagkatapos nina Krathwohl (2002) at Anderson et al. (2001), ay may mahalagang papel sa paghubog ng akademikong pagganap. Ito'y nagbibigay ng sistematikong paraan para sa pagsusulat ng layunin sa edukasyon, nagtatampok ng hierarkiya ng mga proseso ng kaisipan mula sa mas simple hanggang sa mas kumplikado. Sa pangunahing punto nito, ito ay nagpapakita ng pag-unlad ng kasanayan sa kaisipan ng mga mag-aaral, mula sa pag-alala at pang-unawa patungo sa mas mataas na antas tulad ng aplikasyon, analisis, ebalwasyon, at paglikha. Sa paggamit ng Bloom's Taxonomy sa pagtuturo at pagsusuri, mas nagiging epektibo ang edukasyon sa pagpapalalim ng pang-unawa at pagpapabuti sa pagganap ng mag-aaral. Ito rin ay nagtutulak sa mga guro na itakda ang mas mataas na inaasahang kasanayan sa kaisipan, na nagpapataas ng kalidad ng pagkatuto (Thompson & Lake, 2023).

Ang teoryang Bloom's Taxonomy (2001) ay iniuugnay sa pag-aaral na ito kung saan matukoy ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral batay sa resulta ng kanilang pang-akademikong pagganap at sa kakayahan ng guro sa pagtalakay ng mga konsepto gamit ang iba't ibang istrategiya at pagdulog sa kanilang pagtuturo.

Ang Constructivist Theory (1956) ay nagbibigay-diin din sa mga aktibong gawain, interaksyon sa kapwa, at pagsusuri ng konsepto para sa masusing pag-unlad ng kasanayan at kaalaman ng mag-aaral. (Xu & Shi, 2018). Ayon naman sa teoryang constructivist ni Jerome Bruner, binatay sa teoryang ito na inaasahang may kaalaman na ang mga mag-aaral at kayang unawain ang isang konsepto sa kahit anong paraan ito itinuro. Ayon sa pag-aaral, ang constructivism ay naglalarawan sa paraan ng pag-uunawa ng mga mag-aaral kung paano itinuro ang mga konsepto at mga materyal (Amineh at Asl, 2015).

Ang teoryang constructivism ay nagbibigay-diin sa aktibong pagbuo ng kaalaman ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng personal na pag-unawa at karanasan. Sa pag-aaral, nagiging kapaki-pakinabang ito dahil inaasahan na ang mga mag-aaral ay hindi lamang makakatanggap ng impormasyon mula sa guro, kundi sila rin ay aktibong makikilahok sa pagsusuri, talakayan, at pagbuo ng kanilang sariling pang-unawa. Ito ay nagreresulta sa mas malalim na pag-unawa at kakayahan ng mga mag-aaral na magamit ang kanilang kaalaman sa iba't ibang konteksto, kabilang ang pagtugon sa mga katanungan sa pampamahalaang eksaminasyon. Sa pamamagitan ng constructivism, lumalawak ang abilidad ng mag-aaral na ma-apply ang kanilang natutunan sa iba't ibang sitwasyon, na nagreresulta sa mas matagumpay at malalim na pang-unawa ng mga konsepto.

Nakabatay ang pananaliksik sa teoryang Constructivism dahil ang mga mag-aaral ay nakabuo ng kanilang sariling pagpapakahulugan gamit ang kanilang mga dating kaalaman at karanasan. Ito'y kanilang ginamit at naiuugnay sa mga gawaing pasalita man o pasulat. Bukod pa rito, ang mga mag-aaral ay inaasahang aktibong makikilahok sa mga pangkatang gawain, nilalayon nitong mapaunlad ang kanilang interaksyon at partisipasyon sa kanilang kapwa mag-aaral.

### **Konseptwal na Balangkas**

Ang pagsasaliksik na ito ay batay sa mga bahagi ng blended learning at ang kahalagahan nito sa akademikong tagumpay. Isaalang-alang din sa pag-aaral ang malimit na partisipasyon ng mga guro sa pag-unlad ng kanilang mga mag-aaral, ayon kay Evans (2019). Malaking hamon sa mga mag-aaral ang pagpapatupad ng blended learning. Sa pag-aaral na ito, natukoy ng mga mananaliksik na ang mga mag-aaral ay nakakaranas ng pagkagambala mula sa social media at sa gawaing bahay, mahinang serbisyo ng mobile data, mataas na gastos sa internet, kawalan ng kakayahan na dumalo sa mga online na klase at anxieties (Balolong, 2022).

Ang tradisyonal na anyo ng edukasyon kung saan lamang sa silid-aralan nagaganap ang interaksyon ng guro at estudyante ay hindi na sapat sa kasalukuyang kalakaran. Ang epekto ng pandemyang COVID-19 ay malaki at nag-iba na ang anyo ng normalidad sa edukasyon. Sa kabila ng resistensya o pabor, ang mga institusyon tulad ng CHED at TESDA ay mas pinaigting at naging pangunahing paraan sa pamamahagi ng kaalaman sa pamamagitan ng *online learning* at *modular distance learning*, na dati'y bihirang ginagamit (Saul et al., 2020). Ang layunin nito ay mapataas ang kalidad ng edukasyon sa Pilipinas sa pangunguna ng mga guro. Ang pagtanggap at pang-unawa sa kurikulum ng Filipino, partikular sa pagtuturo ng mga pangwikang aralin, ay nagbibigay daan sa masusing pagsusuri at mas malalim na pag-unawa sa mga paraan ng pagtuturo (Carambas, 2017).

Ayon kay Ambayon (2020) sa blended learning na pagtuturo, natututo ang mga mag-aaral sa kanilang sariling hakbang o pamamaraan. Ito ay nakakatulong sa mga mag-aaral upang mabigyan ng mahabang pagkakataong masagot ang mga gawain. Sa paraang ito ng pagtuturo kailangang bigyan ng sapat na pagsasanay ang mga guro sa kung paano gagamitin at ipapatupad sa loob ng klase.

Ang kaugnay na pag-aaral na ito ay ang "*Effect of blended learning to academic achievement*" ni Ceylan at Kesici (2017) ay isinagawa upang suriin ang implikasyon ng *blended learning* sa antas ng akademikong tagumpay at pagsusuri ng mga mag-aaral sa middle school. Isinagawa ito sa isang *middle school* sa timog-kanlurang bahagi ng Turkey noong school year 2014/2015. Ang layunin ng pagsusuri ay malaman kung paano nakakaapekto ang blended learning sa pangkalahatang pagganap ng mga mag-aaral at kung ito ba'y mas epektibo kaysa sa tradisyunal na paraan ng pagtuturo. Binigyang-diin ng pag-aaral ang papel ng teknolohiyang *web* sa pagpapabuti ng *learning environments*. Isinagawa ito sa 53 mag-aaral, hinati sa *experimental group* at *control group*, na nasa ika-6 baitang.




Figura 1. Iskematik Dayagram ng Pag-aaral

### Layunin

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong matukoy ang mga salik sa akademikong pagganap ng *blended learning* ng mga mag-aaral sa Junior High School ng Misamis University. Ang pag-aaral na ito ay sinagot ang mga sumusunod na mga layunin:

1. Nasusuri ang mga salik na nakaaapekto sa akademikong pagganap sa *blended learning* sa mga tuntunin ng gawi ng mag-aaral, pag-access sa internet, suporta sa magulang at mga kasanayan ng guro
2. Natutukoy ang pang-akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa unang markahan ng mga mag-aaral; at
3. Nasusuri ang makabuluhang kaugnayan ng mga salik na nakaaapekto sa *blended learning* ng mga mag-aaral at ang kanilang akademikong pagganap.

## 2. PAMAMARAAN

### Pamamaraang Ginamit

Ang pananaliksik na ito ay isang kwantitatibong pag-aaral na gagamit ng *descriptive correlational* na disenyo. Ang layunin ng isang deskriptiv na pananaliksik ay ang tumpak na paglalarawan ng mga katangian ng mga indibidwal, sitwasyon o grupo at kaugnayan ng mga baryabol gamit ang mga istatistika upang ilarawan at ibuod ang mga datos. Ang kaugnayan na ito ay nagpapaliwanag ng pagkaugnay-ugnay ng mga baryabol nang walang anumang aktibong interbensyon sa bahagi ng mananaliksik (Polit & Hungler, 2013). Ito ay angkop sa pag-aaral para matukoy ang kaugnayan ng antas na pananaw ng mga mag-aaral at ang kanilang akademikong pagganap.

### Pananaliksik na Pagkapaligiran

Ang pag-aaral na ito ay isinasagawa sa Basic Education Department Junior High School ng Misamis University. Ito ay isang pribado at non-sectarian na institution na itinatag nina Dr. Hilarion Feliciano at Dona Mercado Feliciano noong 1929. Ang Pamantasan ng Misamis, kabilang ang College of Education Department ay isang ISO 9001:2015 Management System Certified na ipinagkaloob ng Det Norske Veritas Germanischer Lloyd Business Assurance. Ang Basic Education Department ay ginawaran ng Level II accreditation ng PACUCOA (Philippine Association of Colleges and Universities Commission on Accreditation).

### Pinanggalingan ng mga Datos

Ang respondente sa pag-aaral na ito ay ang 164 na mga mag-aaral sa ikapitong baitang haggang ika-sampung baiting ng Junior High School ng Misamis University na pinili sa pamamagitan ng *stratified random sampling* galing sa 4 na Baitang.

**Instrumentong Ginamit sa Pagtitipon ng mga Datos**

Sa pangangalap ng mga datos para sa pag-aaral na ito, ginamit ang mga sumusunod na instrumento ng pananaliksik:

A. Talatanungan sa mga Salik na Nakaaapekto sa Blended Learning

Ang talatanungan na ginagamit sa aming pananaliksik ay isang limang puntong *likert-scale questionnaire*. Ang limang puntong likert-scale ay may pagpipiliang bilang mula 1 hanggang 5. Ang bilang 1 ang pinakamababa habang ang 5 naman na bilang ang pinakamataas. Sa bilang 1 ay nangangahulugang (Lubos na Nakaaapekto), ang bilang 2 naman ay (Higit na Nakaaapekto), sa bilang 3 (Nakaaapekto), sa bilang 4 (Di-Gaanong Nakaaapekto), at sa bilang 5 ay (Hindi Nakaaapekto). Ang inangkop na talatanungan ay nahahati sa apat na seksyon. Binubuo ito ng dalawampo na pahayag kasama ang mga sumusunod: gawi ng mag-aaral, pag-access sa internet, suporta ng magulang at mga kasanayan ng guro.

Narito ang eskala upang matukoy ang lebel ng pagsang-ayon ng mga mag-aaral sa salik na nakaaapekto sa akademikong pagganap sa blended learning ng mga mag-aaral

Sagot	Saklaw	Interpretaston
5 – Palagi	4.20 – 5.00	Sumang-ayon
4 – Madalas	3.40 – 4.19	Medyo Sumasang-ayon
3 – Minsan	2.60 – 3.39	Medyo Hindi Sumasang-ayon
2 – Bihira	1.80 – 2.59	Hindi Sumasang-ayon
1 – Hindi Kailanman	1.00 – 1.79	Lubos na Hindi Sumasang-ayon

B. Akademikong Pagganap

Ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral ay kinuha mula sa marka ng mga mag-aaral sa unang markahan. Ang interpretasyon sa marka ng mga mag-aaral ay ibinatay sa iskala sa ibaba na galing sa K to 12 Curriculum Guide ng DepEd.

Marka	Deskripsyon	Remarks
90 – 100	Pinakamahusay	Pumasa
85 – 89	Mahusay	Pumasa
80 – 84	Di-gaanong Mahusay	Pumasa
75 – 79	Mababa	Pumasa
75 pababa	Napakababa	Bumagksak

**Pangangalap ng Datos**

Bago ang panayam at pagtitipon ng mga datos, ang mga mananaliksik ay humingi muna ng permiso mula sa punong guro ng Basic Education Senior High School Misamis University, Ozamiz City para sa pagsasagawa ng pag-aaral. Ang paglahok ay hihingin mula sa mga tagapayo ng klase na ang mga estudyante ay nagsilbi bilang aktwal na mga respondente. Ang gabay na katanungan na sariling gawa ng mga mananaliksik ang ginamit upang makakuha ng datos sa mga hamon ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino sa Junior High School.

Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay ang 164 na mag-aaral na napili sa pamamagitan ng *stratified random sampling*. Gumamit ang mga mananaliksik ng sarbey na talatanungan sa pangangalap ng mga kinakailangang datos at hiningi rin ng mananaliksik ang general weighted average. Ang mananaliksik ay nagsagawa ng *face-to-face* na sarbey kwestyoner. Ito ay isang tseklis type na talatanungan.

**Isinaalang-alang na Etika**

Ang mga sumunod ay ang etikal na pagsasaalang-alang sa pag-aaral. Ang mga kalahok sa pananaliksik ay hindi dinadaan sa mga patakaran na maaring makapinsala sa anumang paraan. Ang paggalang sa dignidad ng mga kalahok sa pananaliksik ay binigyang prayoridad. Ang paghingi ng pahintulot ay nakuha mula sa mga kalahok

bago ang pagsasagawa sa pag-aaral. Ang proteksyon ng pagkapribado ng mga kalahok sa pananaliksik, sapat na antas ng pagiging kompidensiyal ng datos ng pananaliksik at pagkawala ng lagda ng mga indibidwal at mga organisasyon na lumahok sa pananaliksik ay siniguro. Ang panlilinlang o pagmamalabis sa mga layunin ng pananaliksik ay iniwasan. Ang mga kaakibat sa anumang anyo, pinagkukunan ng pagpopondo, pati na rin ang anumang posibleng salungat na interes ay ipinahayag. Ang anumang uri ng komunikasyon na may kinalaman sa pananaliksik ay tinaapos nang may katapatan. Anumang uri ng nakalilito na impormasyon, pati na rin bilang representasyon ng mga natuklasan na datos sa isang pinapanigang paraan, ay iniwasan.

### **Pag-aanalisa ng mga Datos**

Ang pag-aaral ay gumamit ng mga sumusunod na kagamitan sa pagsusuri ng mga datos na nakuha gamit ang *Minitab Software*:

*Frequency at Percentage* ay ginamit sa pagsuri ng mga salik na nakaaapekto sa *blended learning*.

*Mean at Standard Deviation* ay ginamit sa pagtukoy ng pang-akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa unang markahan.

*Pearson Product Moment Correlation Coefficient* ay ginamit sa pagsuri ng makabuluhang kaugnayan ng mga salik na nakaaapekto sa *blended learning* ng mga mag-aaral at ang kanilang akademikong pagganap.

## **3. RESULTAT AT TALAKAYAN**

### **Salik na Nakaaapekto sa Blended Learning**

Ipinakita sa Talahanayan 1 na ang kabuuan ng mga salik ay may mataas na antas ( $M=4.33$ ;  $SD=0.62$ ) na nakaaapekto sa akademikong pagganap sa *blended learning* ng mga mag-aaral. Ang apat baryabols ay parehong may mataas na antas: Gawi ng Magaaral ( $M=4.24$ ); Pag-access ng *Internet* ( $M=4.29$ ); Suporta ng Magulang ( $M=4.36$ ); at Mga Kasanayan ng Guro ( $M=4.45$ ).

Sa pagitan ng apat na baryabols ay higit na mababa ang gawi ng mag-aaral ( $M=4.24$ ) sa salik na nakaaapekto sa *blended learning* ng mga mag-aaral. Ilan sa mga nagiging dahilan kung bakit naging salik ang mga gawi ng mag-aaral ay una, bihirang pumapasok sa *online* at *face-to-face* na klase ang mag-aaral; pangalawa, hindi nakikinig nang mabuti ang mga mag-aaral sa kanilang guro; pangatlo, hindi sinasagutan ng maayos ang mga takdang-aralin, proyekto, at pagsusulit para makakuha ng mataas na marka; at panghuli, nanunuod ng mga programa sa telebisyon ng mga mag-aaral bago tapusin ang pag-aaral.

Sumunod ang suporta ng magulang ( $M=4.36$ ) na may malaking kontribusyon sa mga mag-aaral. Ang simpleng pagganyak ng kanilang mga anak na pagbutihin ang pagaaral ay malaking tulong sa kanilang akademikong pagganap sa *blended learning*. Dagdag pa dito ang pag-access ng *internet* ( $M=4.29$ ), napapaloob din dito ang mga kahalagahan ng gadgets at sapat na koneksyon para sa online na klase. Bukod dito, ang gawi ng magaaral ( $M=4.24$ ) ay napapaloob dito ang kanilang kakayahan sa pag-aaral sa *online* at *face-to-face* na klase upang mapabuti ang kanilang akademikong pagganap.

Sinang-ayunan ng ibang mananaliksik na may kaugnayan ang teknikal na kaalaman ng mga mag-aaral. Ang kakayahan nilang gamitin ang mga teknolohiyang ginagamit sa *blended learning* ay may malaking epekto sa kanilang pagganap. Ito ay napatunayan na ang resulta ay nagpakita na ang mga mag-aaral ay may mataas na antas ng teknikal na kaalaman (Sarfraz et al., 2022). Ang aktibong pakikilahok at interaksyon ng mga mag-aaral sa online na talakayan, porum, at mga aktibidad sa klase ay may positibong kaugnayan sa kanilang pag-unawa at pagganap sa mga aralin (Wei et al., 2020). Ang mga mag-aaral na may mataas na antas ng *self-regulation skills*, tulad ng kakayahan sa pamamahala ng oras, pagtatakda ng layunin, at pagsubaybay sa sarili, ay mas malamang na magkaroon ng mas mataas na antas ng pagganap sa *blended learning*. Ang pag-aaral na ito ay nagpapakita na ang pagkakaroon ng mga *self-regulation skills* ay mahalaga upang maabot ng mga mag-aaral ang kanilang mga layunin sa *blended learning environment* (Rasheed et al., 2020).

Sa kabuuan, ang *blended learning* ay may mga kahinaan at hamon na maaaring makaapekto sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Gayunpaman, ang tamang gawi ng mag-aaral, pag-access sa *internet*, suporta ng magulang, at mga kasanayan ng mga guro ay mga salik na maaaring magdulot ng positibong epekto at magtulay sa pagkamit ng magandang akademikong pagganap sa *blended learning* na kapaligiran

**Talahanayan 1:** Mga Salik na Nakaaapekto sa *Blended Learning*

Mga Konstruksyon	M	SD	Remarks
Gawi ng Mag-aaral		0.70	
Pag-access sa Internet	4.24	0.58	Napakalaking Impluwensiya
Suporta ng Magulang	4.29	0.59	Napakalaking Impluwensiya
Mga Kasanayan ng Guro	4.36	0.60	Napakalaking Impluwensiya
	4.45		Napakalaking Impluwensiya
Overall	4.33	0.62	Napakalaking Impluwensiya

Note: 4.21-5.00 (Napakalaking Impluwensiya); 3.41-4.20 (Malaking Impluwensiya); 2.61-3.40 (Impluwensiya); 1.81-2.60 (Maliit na Impluwensiya); 1.0-1.79 (Napakaliit na Impluwensiya)

#### Akademikong Pagganap ng mga Mag-aaral

Sa Talahanayan 2, ipinakita ang resulta ng akademikong pagganap ng 164 na mag-aaral. Sa buong sample, ang kabuuang *average satisfaction level* ay 87.80 (SD=5.30), na nagsasabi ng magandang pagganap. Ang nakararami sa mga mag-aaral ay nasa categoryang "Pinakamahusay" at "Mahusay," na may *average satisfaction levels* na 92.47 (SD=3.03) at 87.41 (SD=1.50) ayon sa pagkakasunod. Sa pangkalahatan, masasabi na "Mahusay" ang kanilang akademikong pagganap batay sa mga resulta.

Ang ugnayan sa pagitan ng kasiyahan ng mga mag-aaral at akademikong pagganap ay mahalaga sa kasalukuyang mataas na edukasyon, na nagdulot ng malaking pansin sa mga guro at mga akademiko dahil ito ay maaaring magpatibay ng malalim na ugnayan na nagaganap sa karanasan sa edukasyon ng mga mag-aaral (Dhaqane et al., 2016). Kapag ipinakita ng mga guro ang mas magandang pamumuno at maunawaing pagtrato sa kanilang mga mag-aaral, mas mataas ang kasiyahan ng mga mag-aaral sa kanilang akademikong pagganap. Bukod dito, kung ipinakita ng mga guro ang mas kawalang-kasiguraduhan tungkol sa kurso, o hindi-pagkakasiya sa kanilang mga mag-aaral, o mas nagbabawal sa kanila, malamang na ibaba ng mga mag-aaral ang antas ng kanilang kasiyahan sa kanilang akademikong pagganap (Tsai, 2017). Iba't ibang bahagi ng mga mag-aaral ay malamang na ipakita ang iba't ibang antas ng kasiyahan at pagganap sa akademiko dahil sa iba't ibang pag-uugali sa pag-aaral. Ito ay lalo na mahalaga sa konteksto ng pribadong sektor ng mas mataas na edukasyon kung saan ang anekdotal na ebidensya ay nagpapahiwatig na mas maraming mga mag-aaral ang gumagawa ng kanilang mga desisyon sa edukasyon sa kanilang sarili (Banahene et al., 2018).

Ibig sabihin nito mas malaking bahagdan ng mga mag-aaral ay nagpapahayag ng mataas na kasiyahan sa kanilang akademikong pagganap (Pinakamahusay at Mahusay). Ito ay isang magandang tanda na *ang blended learning* ay nagbibigay ng positibong karanasan sa kanila. Mayroon pa rin isang maliit na bahagi ng mga mag-aaral na nagpapahayag ng katamtamang antas ng kasiyahan (Di-gaanong Mahusay) at mababang antas ng kasiyahan (Mababa). Maaaring magsagawa ng pagsusuri upang matukoy ang mga isyung kinakaharap ng mga mag-aaral na ito at magbigay ng mga solusyon upang mapabuti ang kanilang karanasan sa *blended learning*. Ang resulta ng talahanayan ay nagpapakita ng positibong kalidad ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa pangkalahatan. Mahalaga rin na magpatuloy sa pagbibigay ng suporta at pagpapabuti ng mga estratehiya at pamamaraan sa *blended learning* upang mapanatili ang mataas na antas ng akademikong pagganap at kasiyahan ng mga mag-aaral.

**Talahanayan2: Akademikong Pagganap ng mga Mag-aaral**

Satisfaction Level	Frequency	Percentage	M	SD	Min	Max
Pinakamahusay	60	36.59	92.47	3.03	89.50	99.00
Mahusay	76	46.34	87.41	1.50	84.70	89.30
Di-gaanong Mahusay	11	6.71	82.23	1.57	80.00	84.00
Mababa	17	10.37	76.62	1.75	75.00	79.00
Napakababa	0	0	0	0	0	0
Pangkalahatang pagganap	164	100.00	87.80	5.30	Mahusay	

*Note: Performance Scale: 90-100 (Pinakamahusay); 85-89 (Mahusay); 80-84 (Di-gaanong Mahusay); 75-79 (Mababa); 75 pababa (Napakababa)*

### Nasusuri ang Makabuluhang Kaugnayan ng mga Salik na Nakaaapekto sa Blended Learning at ang Kanilang Akademikong Pagganap

Batay sa talahanayan 3, ipinapakita nito ang makabuluhang kaugnayan ng iba't ibang mga salik na nakaaapekto sa *blended learning* ng mga mag-aaral at ang kanilang akademikong pagganap. Ang mga resultang ipinakita na may kabuluhan ang mga sumusunod na baryabol: gawi ng mag-aaral ( $p=0.00$ ); pag-*access* sa *internet* ( $p=0.01$ ); suporta ng magulang ( $p=0.00$ ); at mga kasanayan ng guro ( $p=0.03$ ). Ang mga bilang na r-value at p-value ay nagpapahiwatig ng antas ng ugnayan at kahalagahan ng mga ito sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral.

Inilahad sa unang baryabol ng talahanayan 3 na lubos na makabuluhan ang gawi ng mag-aaral ( $p=0.00$ ) sa salik na nakaaapekto sa *blended learning*. Ibig sabihin, ang gawi ng mag-aaral, tulad ng disiplina, pag-aaral ng mga aralin, at paggawa ng takdangaralin, ay may positibong kaugnayan sa kanilang akademikong pagganap. Kapag ang mga mag-aaral ay nagpapakita ng positibong gawi at mga magandang pag-uugali sa pagaaral, ito ay naglalagay sa kanila sa mas mataas na antas ng pagganap.

Ang pangalawang baryabol sa talahanayan 3 na pag-*access* sa *internet* ( $p=0.01$ ) sa salik na nakaaapekto sa *blended learning*. Ibig sabihin, ang pag-*access* sa *internet*, bilang isang mahalagang sangkap ng *blended learning*, ay may positibong kaugnayan din sa akademikong pagganap. Ang mga mag-aaral na may mabuting *access* sa *internet* ay mas malamang na makakuha ng mga mapagkukunan, makapag-research, at makapagpartisipa sa mga online na aktibidad na nagpapabuti sa kanilang pagganap.

Ang pangatlong baryabol sa talahanayan 3 na suporta ng magulang ( $p=0.00$ ) sa salik na nakaaapekto sa *blended learning*. Ibig sabihin, ang suporta ng magulang ay isa pang mahalagang salik na may malaking epekto sa akademikong pagganap ng mga magaaral. Kapag ang mga magulang ay nagbibigay ng suporta, paggabay, at aktibong pakikilahok sa edukasyon ng kanilang mga anak, mas malamang na makakamit ng mga mag-aaral ang mataas na antas ng pagganap.

Ang panghuling baryabol sa talahanayan 3 na kasanayan ng guro ( $p=0.03$ ) sa salik na nakaaapekto sa *blended learning*. Ibig sabihin, ang mga kasanayan ng guro, tulad ng pagtuturo ng mga tamang kasanayan at kahusayan sa pagpapamahala ng *internet*, ay mayroon ding kaugnayan sa akademikong pagganap. Kapag ang mga guro ay may mahusay na kasanayan at kakayahan sa pagtuturo, mas malamang na matutulungan nila ang mga mag-aaral na umunlad at magtagumpay sa kanilang pag-aaral.

Ang mga tagapagturo ay may malaking papel sa paghahatid ng nilalaman ng pagaaral, pagpapalano ng mga aktibidad sa pag-aaral, pagbibigay ng instruksyon, at pagpapalawak ng mga materyales sa pag-aaral (Huang, 2016). Ang kalidad ng nilalaman ng sistema ng pamamahala sa pag-aaral para sa mga mag-aaral ay maaaring maging isang tanda ng magandang pagganap sa mga kapaligiran ng *blended learning* at maaaring humantong sa



kasiyahan ng mga mag-aaral (Kintu et al., 2017). Bukod sa kasanayan ng mga tagapagturo sa pagtuturo at pakikipag-ugnayan sa pamamagitan ng online portals, ang plano ng kurikulum at kung paano ipinamamahagi ang mga klase sa buong araw, pati na rin ang pakikilahok sa mga magandang karanasan habang tumatanggap ng blended learning ay nagpangyari sa kanila na mas maramdaman ang pagkakaroon ng higit na motibasyon upang maabot at magtagumpay sa kanilang akademikong pagganap (Alosaime et al., 2022).

Sa kabuuan, ang mga resultang ito ay nagpapakita ng importansya ng mga baryabol na ito sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Ito ay nagbibigay ng gabay sa mga paaralan, institusyon, at mga guro upang mabigyan ng pansin at bigyang suporta ang mga aspeto ng gawi ng mag-aaral, pag-access sa *internet*, suporta ng magulang, at mga kasanayan ng guro upang mapabuti ang karanasan sa *blended learning* at ang pagunlad ng mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral.

### Talahanayan 3

Nasusuri ang Makabuluhang Kaugnayan ng mga Salik na Nakaaapekto sa Blended Learning ng mga Mag-aaral at ang kanilang Akademikong Pagganap

Variables	r-value	p-value	Remarks
Gawi ng Mag-aaral at ang kanilang Akademikong Pagganap.	0.26	0.00	Highly Significant
Pag-access sa Internet at ang kanilang Akademikong Pagganap	0.20	0.01	Significant
Suporta ng Magulang at ang kanilang Akademikong Pagganap	0.27	0.00	Highly Significant
Mga kasanayan ng Guro at ang kanilang Akademikong Pagganap	0.17	0.03	Significant

Note: \*\* $p < 0.01$  (Highly Significant); \* $p < 0.05$  (Significant);  $p > 0.05$  (Not significant)

## 4. LAGOM, MGA NATUKLASAN, KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

### Lagom

Ang kakayahang pang-akademiko, pagiging epektibo sa sarili, pagganyak, saloobin, at pag-uugali ng mag-aaral, kasama na ang pamamahala sa oras at pakikipag-ugnay sa mga aktibidad sa klase ay ilan sa mga salik na maaring makaapekto sa pagganap ng isang indibidwal sa kanilang pag-aaral. Ang mga kalahok sa pag-aaral ay binubuo ng 164 na mag-aaral na hinati-hati sa 4 apat na baitang sa Pamantasan ng Misamis University. Ang mga mananaliksik ay gumamit ng deskriptiv sarbey na pamamaraan. Ang pananaliksik ay gumamit ng isang talatanungan bilang kagamitan sa pagtitipon ng datos kung saan ito ay gawa mismo ng mga mananaliksik na pinamagatang Mga Salik na Nakaaapekto sa Akademikong Pagganap ng mga Mag-aaral sa Blended Learning. Mean at Standard Deviation ang ginamit na statistical tools. Ang mga sumusunod ay ang mga layuning nais matuklasan ng pananaliksik: 1. Natutukoy ang pang-akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa unang markahan; 2. Nasusuri ang mga pananaw tungo sa akademikong pagganap ng blended learning ng mga mag-aaraal; 3. Nasusuri ang makabuluhang kaugnayan ng mga salik na nakaaapekto sa blended learning ng mga mag-aaral at ang kanilang akademikong pagganap.

### Mga Natuklasan

Batay sa mga datos na nakuha, natuklasan ng mga mananaliksik ang mga hamong kinakaharap ng mga mag-aaral sa Blended Learning:

1. Ang gawi ng mag-aaral, pag-*access* sa internet, suporta ng magulang at mga kasanayan ng guro ay ang mga salik na nagpapakita na lubos na nakaaapekto sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Sa kabuuan, ang tamang pagganap ng mga salik na ito ay maaaring magdulot ng positibong epekto at magtulay sa pagkamit ng magandang akademikong pagganap sa blended learning environment.
2. Nagpapakita ng positibong kalidad ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa pangkalahatan. Mahalaga rin na magpatuloy sa pagbibigay ng suporta at pagpapabuti ng mga estratehiya at pamamaraan sa blended learning upang mapanatili ang mataas na antas ng akademikong pagganap at kasiyahan ng mga mag-aaral.
3. Nagpapakita ito ng importansya ng mga baryabol na ito sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Ito ay nagibigay sa mga paaralan, institusyon, at mga guro upang mabigyang pansin at bigyang suporta ang mga aspeto ng gawi ng mga mag-aaral, pag-*access* sa internet, suporta ng magulang, at mga kasanayan ng guro upang mapabuti ang karanasan sa blended learning at ang pag-unlad ng mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral.

### **Konklusyon**

Batay sa mga natuklasan sa pag-aaral na ito, narito ang mga konklusyon:

1. Ang kaugalian ng mag-aaral ay mayroong limitadong impluwensya sa mga aspeto ng *blended learning*. May mga kadahilanan tulad ng bihirang partisipasyon sa klase, kakulangan sa pakikinig sa guro, hindi sapat na pagsagot sa mga takdang-aralin at pagsusulit, at hindi epektibong oras ng pag-aaral na naglalagay ng limitasyon sa kanilang pag-unlad.
2. Ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral ay maganda. Ang mga gawi ng mag-aaral at suporta ng magulang ay mahalaga sa Junior High School. Ang pag-*access* sa *internet* at kasanayan ng mga guro ay may malaking bahagi sa pag-unlad ng mag-aaral sa kanilang pag-aaral.
3. May malalim na ugnayan ang mga aspeto ng gawi ng mag-aaral, pag-*access* sa *internet*, suporta ng magulang, at kasanayan ng mga guro sa pagitan ng *blended learning* at akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Ang mga ito ay magkakaugnay at nagdulot ng positibong epekto sa pag-unlad ng mga mag-aaral sa kanilang akademikong larangan.

### **Rekomendasyon**

Narito ang mga rekomendasyon ng mga mananaliksik mula sa isinagawang pag-aaral:

1. Mahalaga na magkaroon ng mga hakbang upang mapalakas ang mga asal o kilos ng mga mag-aaral sa *blended learning*. Maaaring ipatupad ang mga gawain na magbibigay inspirasyon sa mga mag-aaral na maging mas aktibo sa kanilang klase, gaya ng pagtuturo ng mga kahanga-hangang paksa at pagsasagawa ng mga talakayan.
2. Ang mga guro ay dapat na maglaan ng sapat na oras para tunay na maunawaan at bigyang halaga ang mga saloobin at ideya ng kanilang mga mag-aaral, maging sa *online* o *face-to-face* na pagkakataon.
3. Upang mapanatili ang magandang kalidad ng akademikong pagganap, mahalaga na higit pang palakasin ang mga gawi ng mag-aaral at suporta ng magulang sa Junior High School. Maaaring magkaroon ng regular na komunikasyon at pag-uulat sa mga magulang tungkol sa pag-unlad ng kanilang mga anak.
4. Maaari rin na maglaan ng mga pondo at suporta para sa pagpapalakas ng teknolohiya sa pag-aaral, kabilang ang pagkakaroon ng mga kompyuter, tablet, at iba pang teknolohikal na kagamitan na makakatulong sa *blended learning* sa institusyon.
5. Para sa mga mananaliksik sa hinaharap, maaaring ipatupad nila ang isang kwalitatibong pagsusuri hinggil sa mga pagsubok sa mga klase na may pisikal na presensya.

### **TALASANGGUNIAN**

1. Alducin-Ochoa, J.M., & Vázquez-Martínez, A. I. (2016). Academic performance in blended-learning and face-to-face university teaching. *Asian Social Science*, 12(3), 207-221.
2. Al Musawi, A. S., & Ammar, M. E. (2021). The Effect of Different Blending Levels of Traditional and E-Learning Delivery on Academic Achievement and Students' Attitudes towards Blended Learning at Sultan Qaboos
3. Al-Osaimi, D. N., & Fawaz, M. (2022). Nursing students' perceptions on motivation strategies to enhance academic achievement through blended learning: A qualitative study. *Heliyon*, 8(7).

4. Banahene, S., Kraa, J. J., & Kasu, P. A. (2018). Impact of HEdPERF on students' satisfaction and academic performance in Ghanaian universities; mediating role of attitude towards learning. *Open Journal of Social Sciences*, 6(5), 96-119.
5. Broadbent, J. (2017). Comparing online and blended learner's self-regulated learning strategies and academic performance. *The Internet and Higher Education*, 33, 24-32.
6. Cannon, J. P., Lohtia, R., & Paulich, B. J. (2021). Blended Learning in Principles of Marketing: The Effects of Student Differences on Student Performance. *Journal of Marketing Education*, 02734753211058357.
7. Chen, W. S., & Yao, A. Y. T. (2016). An empirical evaluation of critical factors influencing learner satisfaction in blended learning: A pilot study. *Universal Journal of Educational Research*, 4(7), 1667-1671.
8. Darlis, V., & Sari, D. K. (2021, February). The effectiveness of blended learning: the impact of student's characteristics and digital literacy on student performance. In *The 3rd International Conference on Educational Development and Quality Assurance (ICED-QA 2020)* (pp. 561-566). Atlantis Press.
9. Daud, W. A. A. W., & Ghani, M. T. A. (2019). Factors affecting Arabic learners' interest towards blended learning: Further evidence in University Malaysia Kelantan. *Asian Journal of Social Science Research*, 2(2), 1-12.
10. Dimas, V. D., Desaliza, L. F., Gabito, K. C., Mostera, J. M. B., & Estera, J. E. D. (2022). Modular Learning Modality: Karanasan ng mga Mag-Aaral Mula sa mga Liblib na Lugar sa Bayan ng Juban. *Puissant*, 3, 520-537.
11. El Refae, G. G. A., Kaba, A., & Eletter, S. (2021). The impact of demographic characteristics on academic performance: face-to-face learning versus distance learning implemented to prevent the spread of COVID-19. *The International Review of Research in Open and Distributed Learning*, 22(1), 91-110.
12. Hamadneh, N. N., Atawneh, S., Khan, W. A., Almejalli, K. A., & Alhomoud, A. (2022). Using Artificial Intelligence to Predict Students' Academic Performance in Blended Learning. *Sustainability*, 14(18), 11642.
13. Hamilton, Z. (2019). Blended Learning: Internal Factors Affecting Implementation.
14. Helms, J. L. (2014). Comparing Student Performance in Online and Face-to-Face Delivery Modalities. *Journal of asynchronous learning networks*, 18(1), n1.
15. Huang, Q. (2016). Learners' Perceptions of Blended Learning and the Roles and Interaction of f2f and Online Learning. *Ortesol Journal*, 33, 14-33.
16. Jhoana, L. P. E. M. S., Lunesto, P., Malaca, J. A. M. M. J., & Tus, J. Mag-Aral ay Di' Biro: A Phenomenological Study on the Lived Experiences of the Students on Blended Learning Amidst COVID-19.
17. Keskin, S., & Yurdugül, H. (2019). Factors Affecting Students' Preferences for Online and Blended Learning: Motivational vs. Cognitive. *European Journal of Open, Distance and E-Learning*, 22(2), 71-85.
18. Kintu, M. J., Zhu, C., & Kagambe, E. (2017). Blended learning effectiveness: the relationship between student characteristics, design features and outcomes. *International Journal of Educational Technology in Higher Education*, 14(1), 1-20.
19. Las Johansen, B. C., & Funcion, D. G. D. (2018). Blended learning: Correlations on the effectiveness of the different learning environment. *International Journal of Computer Engineering and Information Technology*, 10(3), 41-49.
20. Lim, D. H., Morris, M. L., & Kupritz, V. W. (2007). Online vs. blended learning: Differences in instructional outcomes and learner satisfaction. *Journal of Asynchronous Learning Networks*, 11(2), 27-42.
21. Najafi, H., & Heidari, M. (2019). Blended learning and academic achievement: A meta-analysis. *Quarterly of Iranian Distance Education Journal*, 1(3), 39-48.
22. Nortvig, A. M., Petersen, A. K., & Balle, S. H. (2018). A Literature Review of the Factors Influencing E-Learning and Blended Learning in Relation to Learning Outcome, Student Satisfaction and Engagement. *Electronic Journal of E-learning*, 16(1), pp 46-55.
23. Rao, V. (2019). Blended Learning: A New Hybrid Teaching Methodology. *Online Submission*, 3(13)
24. Rasheed, R. A., Kamsin, A., & Abdullah, N. A. (2021). An approach for scaffolding students peer-learning self-regulation strategy in the online component of blended learning. *IEEE Access*, 9, 30721-30738.
25. Resien, C., Sitompul, H., & Situmorang, J. (2020). The effect of blended learning strategy and creative thinking of students on the results of learning information and communication technology by controlling prior

- knowledge. Budapest International Research and Critics in Linguistics and Education (BirLJournal, 3(2), 879-893.
26. Sarfraz, M., Khawaja, K. F., & Ivascu, L. (2022). Factors affecting business schoolstudents' performance during the COVID-19 pandemic: A moderated andmediated model. The International Journal of Management Education, 20(2), 100630.
  27. SINGARAVELU, GOVINDARAJAN. (2021). EFFECTIVENESS OF BLENDED LEARNINGINDISTANCE EDUCATION. Indian Journal of Applied Research. 7. 236-238.
  28. Thomas, D. (2018). Blended learning behavior of university students and academic performance in Thailand. Rangsit Journal of Educational Studies, 5(2), 12-24.
  29. Thompson, A. R., & Lake, L. P. (2023). Relationship between learning approach, Bloom's taxonomy, and student performance in an undergraduate Human Anatomy course. Advances in Health Sciences Education, 1-16.
  30. Tosun, S. (2015). The effects of blended learning on EFL students' vocabulary enhancement. Procedia-Social and Behavioral Sciences, 199, 641-647
  31. Wei, H. C., & Chou, C. (2020). Online learning performance and satisfaction: do perceptions and readiness matter?. Distance Education, 41(1), 48-69.
  32. Zeqiri, J., Kareva, V., & Alija, S. (2020). The impact of blended learning on students' performance and satisfaction in South East European university. ENTRENOVA-ENTerprise REsearch InNOVation, 6(1), 233-244.
  33. Zhang, Y. G., & Dang, M. Y. (2020). Understanding essential factors in influencing technology-supported learning: A model toward blended learning success. Journal ofInformationTechnology Education. Research, 19, 489.

Appendix A

**MGA SALIK NA NAKAAAPEKTO SA AKADEMIKONG PAGGANAP SA BLENDED LEARNING NG MGA MAG-AARAL**

Pangalan (Opsyonal): \_\_\_\_\_ Baitang: \_\_\_\_\_

General Weighted Average (First Semester): \_\_\_\_\_

Panuto: Mangyaring maingat na basahin ang bawat aytem at piliin ang hanay na tumutugma sa iyong sagot sa pamamagitan ng pag-tsek (✓). Mananatiling pribado ang iyong mga tugon at huwag balewalain ang anumang mga tanong o komento. Mangyaring ipahiwatig batay sa sumusunod na sukat: 5 – *Palagi (P)*, 4 – *Madalas (M)*, 3 – *Minsan (M)*, 2 – *Bihira (B)*, 1 – *Hindi Kailanman (HK)*

Mga Konstruksyon/ Tagapagpahiwatig	Mga Tugon				
	5	4	3	2	1
<b>A. Gawi ng Mag-aaral</b>					
1. Palagi akong pumapasok sa <i>online</i> at <i>face-to-face</i> na klase.					
2. Nakikinig ako nang mabuti sa aking mga guro.					
3. Sinasagutan ko nang maayos ang aking mga takdang-aralin, proyekto, at pagsusulit para makakuha ng mataas na marka.					
4. Nalulungkot ako kapag naantala ang talakayan, o wala ang guro.					
5. Tinatapos ko muna ang aking pag-aaral bago manood ng anumang programa sa telebisyon.					

<b>B. Pag-access sa Internet</b>					
1. Mayroon akong maayos na <i>access</i> sa internet koneksyon sa aming bahay.					
2. Ang aking mga materyales sa pag-aaral (mga aklat, diksyunaryo, at laptop) ay angkop para sa aking <i>online</i> at <i>face-to-face</i> na pag-aaral.					
3. Mayroon akong isang tahimik na lugar sa bahay upang magaral sa bahay.					
4. Nagpapahiram ng gadgets ang mga kapatid ko sa tuwing mahina na ang aking baterya.					
5. Nagpapaalam ako sa aking guro kapag walang kuryente sa aming lugar.					
<b>C. Suporta ng Magulang</b>					
1. Ginaganyak ako ng aking mga magulang na pagbutihin ang aking pag-aaral.					
2. Binibigyan ako ng sapat na tulong pinansyal para sa aking mga proyekto o anumang bilihan para sa pag-aaral.					
3. Hindi ako inaabala ng aking mga magulang at kapatid sa tuwing may <i>online class</i> ako.					
4. Humihingi ako ng patnubay mula sa aking mga magulang at iba pang matatanda sa aming pamilya.					
5. Pinapayagan akong lumabas kasama ang aking mga kaklase kapag kami ay may proyektong gagawin.					
<b>D. Mga Kasanayan ng Guro</b>	<b>5</b>	<b>4</b>	<b>3</b>	<b>2</b>	<b>1</b>
1. Humihingi ako ng tulong sa aking guro kapag nahihirapan ako sa mga aralin.					
2. Gumagamit ang aking mga guro ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo.					
3. Ang aking mga guro ay may sapat na kaalaman sa kanyang mga itinuturo.					
4. Binibigyan ako ng pagkakataon ng aking guro kapag ako ay hindi nakapagpasa ng pagsusulit o aktibidad sa tamang oras.					
5. Binibigyan ako ng aking mga guro ng sapat na oras upang sagutin at tapusin ang aking mga kinakailangan sa <i>online</i> at <i>face-to-face</i> .					

**INFORMED CONSENT FORM**

Nagboluntaryo akong lumahok sa pananaliksik na isinasagawa nina Al Therenz Anlou P. Dela Cruz, Marjorie G. Elumbaring at Jomark F. Pacatang mula sa Misamis University College of Education. Nauunawaan ko na ang pananaliksik ay idinisenyo upang makalikom ng impormasyon tungkol sa **Mga Salik na Nakaaapekto sa Akademikong Pagganap ng mga Mag-aaral sa Blended Learning**. Magiging isa ako sa mga sasagot sa panayam ng pananaliksik na isinagawa sa pamantasan.

- 1) Kusang loob ang aking pakikilahok sa pananaliksik na ito. Naintindihan ko na hindi ako babayaran para sa aking paglahok. Maaari kong bawiin at ihinto ang pakikilahok anumang oras nang walang multa. Kung tatangi akong lumahok o umalis mula sa pag-aaral na ito, walang akong ibang pagsasabihan nito.
- 2) Ang pananaliksik na ito ay kinapapalooban ng aking pakikilahok. Nauunawaan ko na ang karamihan sa mga pahayag sa panayam ay kawili-wili at nakakapukaw ng isipan. Gayunpaman, kung pakiramdam ko ay hindi ako komportable sa anumang paraan habang sinasagutan ang katanungan, may karapatan akong tanggihan ang aking pakikilahok.
- 3) Ang pagsagot sa panayam ay tatagal ng halos 10-15 minuto. Nauunawaan ko na ang impormasyong makakalap ay ituturing na pribado. Hindi makikilala ang aking pagkakakilanlan. Tanging ang mga mananaliksik at ang kanilang tagapayo ang magkakaroon ng pahintulot sa pagsuri ng mga datos sa pananaliksik.
- 4) Nauunawaan ko na ang pananaliksik na ito ay nasuri at naaprubahan ng College of Education sa Pamantasan ng Misamis.
- 5) Nabasa ko at naintindihan ko ang paliwanag na ibinigay sa akin. Nasagot ang lahat ng aking mga katanungan na siyang nilulugdan ko, at kusang-loob akong sumangayon na makilahok sa pag-aaral na ito.